

Tawag para sa KWF Grants Program

KWF Grants Program

Ang KWF Grants Program ang taunang programa ng Komisyon sa Wikang Filipino para sa mga organisasyong pangwika at pampanitikan upang maging katuwang sa pagpapalaganap at pagpapaunlad ng wikang Filipino at mga katutubong wika sa Filipinas.

Alisunod sa mandato ng Komisyon sa Wikang Filipino na manghikayat at paunlarin ang wikang Filipino sa pamamagitan ng mga grant, gawad, at insentibo, binubuksan ng Komisyon sa Wikang Filipino ang KWF Grants Program nitó para sa mga proyektong isasagawa sa 2014.

Mga Tuntunin sa Pagpapasa ng Panukalang Proyekto para sa KWF Grants Program

1. Maaaring magpása ng kanilang panukalang proyekto ang mga rehistradong non government organizations o people's organization. (Tingnan ang Apendiks A para sa kompletong listahan ng kahingian.)
2. Ang mga proyektong ipapanukala ng mga organisasyon ay kailngangang nakasalig sa mandato ng KWF at makatutulong sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at promosyon ng wikang Filipino, pangangalaga ng mga katutubong wika, at pananaliksik tungkol sa panitikan at kultura.
3. Sasagutan ng mga interesadong magpása ang KWF format para sa panukalang proyekto. (Tingnan ang Apendiks B para sa mga bahagi ng panukalang proyekto at deskripsiyon nitó.) Magsumite ng apat na kopya ng panukalang proyekto.
4. Kailangang isaalang-alang ng mga interesadong organisasyon

na hindi lalabis sa Php200,000.00 lámang ang badyet na maaaring sagutin ng KWF sa ipinanunukalang proyekto.

5. Ang mga panukalang proyekto at iba pang kaugnay na dokumento ay maaaring ipadala sa:

Tanggapan ng Tagapangulo

Komisyon sa Wikang Filipino

2F Gusaling Watson, JP Laurel St.

San Miguel, Maynila

Hindi kikilalanin ng KWF ang mga magpapása ng panukala sa pamamagitan ng email.

6. Ang hulíng araw ng pagpapadala ay sa 5 Setyembre 2014. Hindi na maiuurong ang araw ng pagsusumite. Ang mga panukalang proyektong ipinadala sa pamamagitan ng koreo ay kailangang matanggap nang hindi lalampas sa petsang nabanggit.

7. Inisyal na susuriin ng Komite sa Pagrerepaso at Pagsubaybay sa Proyekto ang mga panukalang proyekto. Makatatanggap ng pabatid ang mga mapipiling organisasyon at kinakailangang tumupad sa anumang dagdag na kahingiang hahanapin ng KWF.

8. Para sa karagdagang detalye, maaaring tumawag kay Bb. Kriscell Largo Labor sa telepono blg. 733-7260 o mag-email sa komisyonsawika@gmail.com.

Para sa mga Kahingian sa mga Non-Government Organization (NGO)
at Format ng Panukalang Proyekto, i-click ang link sa ibaba:

Apendiks A at B